

1

“Yes, this is life!” nakangiting sabi ni Miel sa sarili.

Wearing her oversized *Celine Dion* sunglasses and beach cover-up while reclining on a lounge chair made her feel like she belonged to the group of local and foreign tourists enjoying the last wave of summer vacation. Kahit pa official business ang rason ng pagparito niya sa isang beach resort sa Morong, Bataan para sa isang training-seminar cum team building.

Isa siya sa mga delegadong napili ng kanilang departamento. Sagot ng kompanya ang expenses ng pag-stay nila sa resort na siya ring venue ng seminar at iba pang activities. Isa iyong month-long intensive training para sa selected employees dahil may balak magpa-accredit ang kanilang kompanya sa isang international organization kaya naman pinondohan talaga ng management. Mayroon din silang free five-day stay sa resort pagkatapos ng event kung gugustuhin nilang manatili pa roon.

“Ang init naman...” mayamaya ay reklamo niya nang maramdaman ang sikat ng araw sa kayumangging balat. Ang totoo ay hindi pa masyadong

matindi ang sikat ng araw at nasa ilalim siya ng beach umbrella. Umiiral lang ang pagka-paranoid niya sa sunrays. “Baka mangitim ako lalo.” Inilibot niya ang paningin sa malawak na infinity pool para humanap ng malilipatan. Mismong nasa tapat lang iyon ng main building ng hotel.

Sa gawing kaliwa ay ang asul na karagatan ang nakikita niya. “Over my dead and sexy body, no!” Mas hindi niya nanaising pumunta roon kahit na parang mas enjoy na enjoy ang mga nagsu-swimming doon.

Iniwasan nga niyang sumama sa nakatakdang aktibidad ng team ngayong araw which was synchronized scuba diving. Idinahilan niyang mayroon siyang seasickness kaya hindi siya maaaring mag-participate. Pero ang totoo ay takot na takot lang talaga siyang masunog sa araw ang balat.

“Ah, there...” Namataan niya ang may kalakihang kiddie pool sa gawing kanan. Doble ang shade doon at malapit pa sa landscaped garden ng resort kung saan malago ang mga halaman. Marahil ay sinadyang gayon dahil may mga toddlers din na parokyano ang paliguan.

“Hindi kaya ako mapagkamalang iresponsableng ina kapag dito ako nag-stay for a while?” Malamang. Imagine, nagkakagulo ang mga bata sa pool

pagkatapos siya ay prenteng nakaupo, nagsa-sound trip, nagbabasa ng romance novel book at walang pakialam sa paligid.

Certainly, the children's noise wouldn't bother her priced solitude. Mahilig siya sa bata at mataas ang level of tolerance niya sa mga ito. Pero mukhang lalampas sa level na iyon ang isang batang nasa katabing lounge chair dahil kanina pa ito nagmamaktol. Ang solusyon, it's either siya ang umalis o palayasin niya ang bata. Pero wala na siyang ibang mapupuntahan at hindi naman kaya ng konsyensya niya na paalisin ang kawawang paslit.

Diplomacy, Miel. Sayang ang araw na ito kapag nasira lang ng isang batang nagmamaktol... Bukas ay maghapon na naman silang makukulong sa training room na parang mga graduating students.

“Yaya, let's go somewhere else. Not here!” Patuloy na nililigalig ng Ingleserang brat ang yaya nito. Nakukulili na nga ang tainga niya.

“Samwer-samwer ka ngayon,” ganting reklamo ng babae habang isinasayaw ang isa pang alaga na kilik nito. “Kanina isinasama ka sa aplaya, ayaw mo. Mag-boating, ayaw mo rin. Hindi mo rin type sumama sa mga pinsan mong magsa-summer camp. Ano ba talaga ang gusto mo, bata ka?”

“Let’s go back to the hotel room now. I just wanna read my books and do my unfinished stuff there.”

Pagbabasa lang pala ang pinoproblema nito. Fine, di pagbigyan. Para wala nang ligalig.

“You staf-staf me, Sam. Di ito namang kapatid mo ang nagloko kapag nagkulong tayo sa kuwarto. Adik ka ba?”

Lalong nagmaktol ang bata sa tinuran ng tagapagalaga. Sa tantya niya ay nasa nine to ten years ang edad ng una, pero matinis pa rin ang boses nito na nanunuot sa kanyang eardrums.

Diplomasya. “Hi, Little Miss...” tawag-pansin niya sa bata.

Pinagalitan tuloy ito ng yaya at sapilitang pinag-sorry ang alaga dahil nakaistorbo sila.

“Sorry for disturbing you. Kasi si—”

“No, no, no. Okay lang.” *Not a total brat, after all. Marunong humingi ng paumanhin.* “Narinig ko lang na gusto mong magbasa. Mahilig *din* ako.” Nginitian niya ito at ipinakita ang hawak na libro. “Why don’t you get your stuff and join my company?”

Nagliwanag ang nakabusangot na mukha nito.

“Really?” Hindi ito makapaniwalang may nahanap na kakampi sa isang estranghera.

“Yup. Go now and I’ll wait for you here.”

Excited na tinakbo nito ang daan patungo sa entrada ng hotel buiding.

“Naku, Ma’am, pagpasensyahan na ninyo ang batang ’yon. Spoiled kasi. Kakaiba nga ang ugali niyan sa kanilang magkakapatid,” anang yaya pagkaalis ng alaga.

Kakaiba sa magkakapatid? Hindi nga ba’t iyon din ang pakiramdam ni Miel sa sarili noon at magpasahanggang ngayon?

Isa siyang ugly duckling!

Habang nagpuputian ang complexion ng mga kapatid na babae at lalaki, ang kulay naman daw niya ay parang sa tsokolate. Hindi masyadong sunog ang kulay ng balat niya, sakto lang. Sabi nga, kayumangging kaligatan. Pero dahil sa mapusyaw na kulay ng mga kapatid, nagmukha tuloy siyang kakaiba sa mga ito.

Noong mga bata pa sila ay madalas siyang mapikon sa mga biro na isa umano siyang pasas na nahulog sa buko salad. O kaya ay butong pakwan

sa kalipunan ng mga butong kalabasa. At iyon ang naging dahilan kung bakit ayaw niyang mae-expose sa sunrays hangga't maaari.

Kung minsan ay parang ibig na rin niyang maniwala na ampon lang siya. Mabuti na lang at kahit paano ay nararamdaman niya ang special treatment ng parents nila.

“Mama, sino ba talaga ang ikakasal, si Ate Miel o si Ate Venus? Mas pinoproblema pa ninyo ang gown niyang isusuot kaysa sa traje de boda ng bride,” maktol ng kanilang bunsong babae.

“Maid of honor ang Ate Miel mo, Diana. Dapat special din ang isusuot niya.” Nagpasadya ng gown ang kanyang ina na ang yari umano ay magre-reveal ng asset niya. Not to mention first time niyang maging maid of honor sa kasal na first choice siya at hindi ipinrisinta lang ng ina.

“Yun lang? Bakit ako, rent lang ang gown? May sarili pa siyang makeup artist samantalang ako, ikaw lang ang mag-aayos.”

“Madali ka naman ayusan, Anak. Si Miel, curly like me. At saka kailangan niya ng total makeover.”

Aray! Parang sinabi na rin ng kanyang ina na medyo pangit nga siya kumpara sa apat nitong anak.

Nakuha ng dalawang sisters niya ang complexion at magandang facial feature ng kanilang ina—high cheekbone in symmetrical face. Kaya naman no sweat apply-an ng makeup. Samantalang siya ay nakuha ang kayumangging skin tone ng ama at ang mga mata nitong hindi naman masyadong singkit pero hindi doble ang eyelid. Iyong tipong lagyan man ng eyeshadow ay hindi gaanong mapapansin kung hindi bahagyang ipipikit ang mga mata. Kaya tuloy nawalan na siya ng amor sa paglalagay ng kung anu-anong kolorete sa mukha. But she knew the basics of cosmetology, somehow.

Mabuti na lang at kahit paano ay bumawi siya sa taas. She was just 5’4” in height but her graceful and slender body built made her appear taller than average Filipinas.

“Blessing in disguise din naman ang pagkakasuspende mo sa trabaho, hindi ba, Dave?”

Although he completely disagree, sinang-ayunan na lang niya ang opinion ng inang si Doña Amalia. “Yes, Mom, somehow...” Kahit na nga ba pilit niyang ikinukubli sa madla ang kanyang identity.

Naging controversial issue ang pagsapak

niya kay Steve Lope, anak ng isang executive sa pinaglilingkuran niyang TV network. Mabuti nga at sapak lang ang inabot nito sa kanya dahil gusto na talaga niya itong sakalin sa sobrang galit.

Ipinapakalat lang naman nito ang malisyosong intriga na siya, si David Tanjuatco, ay isang bakla! Sinong lalaki ang hindi mapipikon sa ganoon?

Indefinite suspension ang ipinataw sa kanya ng station management. Umalma ang kaibigan niyang producer ng morning show na kinabibilangan, ang *Good Morning, Philippines!* o *GMP* pero wala rin itong nagawa.

“Ano’ng balak mo ngayon?”

Bago sumagot ay inalalayan muna niya sa pag-upo ang ina. Sasaluhan siya nito ngayon sa brunch. Matagal-tagal na rin mula nang huli silang magsalo sa almusal dahil sa sobrang demanding ng kanyang trabaho.

Host siya sa morning show but he was also doing his own research on some critical issues. Hindi lang siya basta-basta nag-re-rely sa kung anong impormasyon ang ibinigay ng mga researchers, ugali na niyang mag-double check. Hawak niya ang segment tungkol sa science and technology at news

commentator din.

“Kahit hindi na ako makabalik sa trabaho, Mom. Basta ma-clear ko lang ang pangalan ko.” Umupo siya sa kaibayong silya.

On their side was the magnificent view of the sea in its awesome shade of blue. Tila karugtong lang ito ng infinity pool na nasa tapat ng restaurant na kanilang kinaroroonan.

Kung anong gilas ng sikat ng araw ay siya namang panglaw ng pag-asang malilinis pa niya ang pangalang nabahiran ng dungis. Matindi talaga ang galit sa kanya ni Steve. Ipinahalukay pa nito pati ang pribadong bahagi ng buhay niya.

Kasama na rito ang hindi niya pagpapakasal sa ina ng kanyang anak at pagiging men’s facial cleanser endorser niya mahigit isang dekada na ang nakalilipas, gayundin ang larawan niyang kuha noong initiation rights kung saan nakadamit-babae ang buong batch ng Journalism class—at ang mga ito ay iniugnay sa issue ng kanyang pagiging bading umano. He was a public figure, all right, pero hindi naman lahat ng tungkol sa kanya ay dapat niyang ipaalam sa publiko.

“And how would you intend to do that, Son?”

masimpatyang tanong ng ina. “Sana’y hindi mo na lang pinatulan ang taong ’yon. Ikaw pa tuloy ang napasama ngayon. Anyway, you can still live comfortably without that hosting job.”

“Hindi ako puwedeng mag-quit sa ngayon. Nasa mass media ang kalaban ko. I can’t give him a good fight if we’re not in the same arena. Dehado ako.”

Showbiz news reporter ang ginamit ni Steve na pantira laban sa kanya. Bakit hindi ang mga ito na rin ang paglinisin niya sa pangalan niya? *Maybe I should let those dirty paid reporters pave my way back into business.* Tatal mang-stalk, intriga at something juicy topic ang hanap ng bayarang reporters, ibibigay niya ang hanap ng mga ito.

Hindi naman siya kasing-sikat ng mga male celebrities, he was just a plain and ordinary host until the news about his alleged gay character broke out and shook his world. Pinagpiyestahan ito ng mga walang magawang showbiz reporters kundi maghatid-dumapit, sukdulang makasira ng reputasyon ng kapwa.

Hindi lang siya ang naeskandalo kundi maging ang buong pamilya. Come to think, ang mga iginagalang at tinitingalang news commentator na sina David Tanjuatco Sr. at David Tanjuatco Jr. ay

may baklang the third!

“How I wish buhay pa ang ama mo. For sure, matutulungan ka niya sa eskandalong ’yan.”

Kung buhay pa ang kanyang abuelo at ama ay malamang ma-high blood ang mga ito dahil hindi nila magugustuhan ang malisyosong balita.

“Don’t worry, Mom. I can handle this.” Malakas ang loob niyang sabihin iyon dahil hindi naman talaga siya bakla. Ang problema lang ay sino ang makakatulong sa kanya para mapatunayan iyon.

A fake girlfriend? Definitely not. Baka lalo lang lumala ang sitwasyon kapag nagkabistuhan.

“I’m sure you can, Hijo.” Nilingon ni Doña Amalia ang paboritong apo na natanaw mula sa glass wall ng restaurant. “Huwag na muna nating pag-usapan ang hindi kagandahang topic, nasa harap tayo ng grasya.”

“Okay, let’s eat then...” Pansamantala nilang isinantabi ang problema.

Over baked macaroni and cheese, some seafoods and banana-yogurt shake, his mother discussed about some family occasions that he had missed. Mabuti na lang daw at narito siya ngayon sa get-together ng pamilya. Bihirang mangyari ang ganito dahil sa kung

saan-saang lugar naka-settle ang ilang mga kapatid niya.

Magandang pagkakataon din ito para maka-bonding ang sarili niyang anak. Sa kasamaang-palad, apektado ng issue ang pagkakilala ng bata sa kanya. Minsan ay nagtanong ito kung totoong bakla siya. Masakit iyon para sa kanya pero hindi niya masisi ang anak dahil lumaki itong hindi sila magkasama sa iisang bubong.

Ayaw pumayag ni Valerie, his ex-girlfriend, na kunin niya ang custody ng anak nila. Ang balak niya ay i-contest ang custody ng bata sa korte, pero malamang hindi pa sa kanya papanig ang batas dahil wala pang pitong taong gulang ang unico hijo niya. Kung sana ay may sapat siyang ebidensya para masampahan ng kasong alienation of affection ang ina ni Valerie, hindi na nga ito nakontentong ipagdamot sa kanya ang bata, sinisiraan pa siya nang harapan.

Kapag nakuha na niya ang custody ni David Tanjuatco IV, mas kilala sa palayaw na Fourth, ay ipipisan din niya ito sa lola tulad ng isa pang pamangkin na si Sam.

Magkasundo kaya ang magpinsan? “She’s a real charmer when not in tantrums, right?” tukoy niya

sa pamangkin na abot-tanaw lang nila. Malapit ang loob niya kay Sam at katulad ng mommy niya ay pampered din ito sa kanya.

“Sinasalungat kasi ang gusto kaya nasisira ang mood. Maanong pagbigyan na lang,” kunsintidor na pahayag ng biyuda. “I bet ngayon lang sila nagkakilala ng companion niya. But look, mukhang amused na sa kanya.”

Napako tuloy ang pansin niya sa babaeng kasama ng pamangkin—the lady in bikini tops with floral cover-up and denim shorts.

“Your eyes, David,” his mother warned. Hindi siya nito tinatawag na ‘David’ kapag hindi seryoso. “Hindi ka pa tapos sa problema mo, daragdagan mo na naman. May asawa na ’yan.”

Siguro nga kaya naroon sa tabi ng kiddie pool ang babae ay dahil binabantayan ang mga anak na nagsu-swimming. He felt a strange feeling of disheartenment.

2

Eksaktong four-thirty ng umaga nang bumaba si Miel mula sa third floor ng hotel kung saan okupado ng mga training participants ang lahat ng kuwarto.

Pangalawang linggo na ng lodging nila rito at nakasanayan na niyang mag-jogging sa dalampasigan habang tulog pa ang pinangingilagang si Haring Araw. Safe naman daw mag-jogging ayon sa management ng hotel kahit ganoon kaaga dahil twenty-four hours na rumoronda ang mga security officers. Ang bawal lang ay ang maligo sa dagat nang pusikit pa ang dilim dahil walang lifeguard on duty.

May mangilan-ngilan din siyang nakikitang tao na patakbu-takbo sa di-kalayuan, pero karamihan sa mga iyon ay may kasamang kapareha.

“Might be lovers...” Napangiti siya sa konklusyon. Kahit matagal-tagal na rin siyang loveless ay suwerte naman siya sa career. Katunayan, isa sa mga requisite sa nalalapit niyang promotion bilang senior accountant ang kinukuha niyang training ngayon. “Totoo nga yatang kapag malas ka sa love life, eh, suwerte ka naman sa career. Kaya ako, later na lang uli magmamahal...” Inumpisahan niyang takbuhin

ang poolside pagkalabas sa hotel building. Derecho na ito hanggang bukana ng resort at mula roon ay pinong buhanginan na ang kanyang matatapakan. “...kapag maputi na ako.”

Nagre-research nga siya ng safe at effective way ng natural na pagpapaputi ng balat. Pinag-iisipan pa niya kung alin ang kanyang susubukan—ang gumamit ng glutathione soap o ang uminom ng glutathione capsules.

Hanggang ngayon ay hinding-hindi mawala sa isip niya ang panlalait na tinamo mula sa isang mestiza na kaklase noong high school siya. Si Joyce.

Ang sinabi nito, *“I can’t believe na ipagpapalit ako ng boyfriend ko sa babaeng mas pangit sa akin!”*

Pangit? Excuse me, maitim lang ako pero hindi ako pangit! Kung wala lang sila sa school library ay papatulan niya ang pagpaparunggit ng kanilang muse. Kung anong ipinuti ng balat nito ay siya namang iniitim ng budhi.

Hindi pa ito nakontentong tinawag siyang pangit, dinagdagan pa ang panlalait. *“Imagine, sa dinami-dami ng magaganda dito sa campus, ang negrang kulot na ’yon pa ang magiging karibal ko!”*

The bitter part of the story was not the humiliation.

Manapa ay ang nalamang katotohanan na niligawan lang siya ni Darwin para pagselosin ang two-timer girlfriend na si Joyce. Sobrang naiyak siya noon hindi dahil broken-hearted siya kundi dahil nasaling ang pride niya.

Curious lang naman siya kung ano ang feeling ng may boyfriend, kaya sinagot niya ang unang nagkalakas-loob na ligawan siya.

Hinding-hindi ko tatanggapin na pangit ako, never! Iyon nga lang at sobrang tumatak sa isip niya na second-rate lang ang beauty niya.

Nagatungan pa ang pangyayaring iyon nang magtaksil naman sa kanya ang long-time boyfriend na si Jeff. Ang third party, isang mestisahing hindi naman kagandahan.

Ang advantage nga naman ng mapuputi...

At that point, hindi lang nasaling kundi na-bull's-eye talaga ang pride niya.

Tagaktak na ang pawis ni Miel nang maalalang i-ponytail ang buhok.

“Negrang kulot...” sambit niya habang sinusuklay ng mga daliri ang alun-alon na buhok. Then she created a messy bun out of it, some hair strands fell

carelessly but the effect was somehow appealing.

Dati ay nagbalak siyang ipa-rebond iyon, pero tumutol ang mama niya. Maganda naman daw ang pagkakakulot ng buhok niya at sayang kung ipapaunat. Hindi na siya nakipagtalos, mother knows best. At saka palaging neatly tied-up ang ayos ng buhok niya tuwing papasok sa opisina.

The east horizon was already turning red when she decided to get back to the hotel.

“Time for breakfast...”

Napukaw ang atensyon ni Dave mula sa pagbabasa ng balita sa isang pahayagan dahil sa nakakairitang impit na pagtili ng nasa kabilang mesa. Siya sana ang dapat na nagde-deliver ng news feature na pinapanood nito sa segment niya sa *GMP* kung hindi siya suspendido.

“My gosh, ang guwapo niya talaga!” Humihigop ito ng kape pero ang mga mata ay nakapako sa TV screen na nasa mataas na bahagi ng wall ng restaurant. Nang sinaway ito ng kasama ay pabiro pang nangatuwiran. “Palibhasa hindi mo nararamdaman ang nararamdaman ko. Mabuti pa si Miel, nauunawaan ako.”

“Speaking of the aswang, here she comes...”
anang isa pang babae sa grupo nang matanawan ang kasamahang nabanggit sa entrada ng kainan.

“Saan kaya nanggaling ang bampirang ’yan? Kay aga-agang nawala sa kuwarto.” Kinawayan nito ang tinutukoy.

Na-curious ang binata kung bakit tinatawag na aswang at bampira ang babae, kaya pasimple niya itong sinulyapan. Parang bar code scanner ang mga mata niyang madaling na-assess sa malayuan ang walang kamalay-malay na babae.

Neat and tidy in her all-white jogging apparel. At habang papalapit ito sa mga kagrupong masaya itong nakangiti, revealing her perfect set of teeth. Walang matulis na pangil.

Well, maliban sa magulong buhok ay wala na siyang makitang ibang depekto para tawagin ito sa gayong kabrutal na pangngalan. Masasabi rin niyang, *She’s an epitome of the so-called morena beauty.* Itim na itim ang buhok nitong tila telephone cord ang pagkakakulot. Morena complexion pero makinis at flawless ang balat. Maganda rin ang bone structure nito na kung nadagdagan pa nang ilang pulgadang sukat ng height ay hindi malalayo ang posture sa mga runway models.

Napatingin ito sa gawi niya pero hindi niya sigurado kung napansin nitong kanina pa niya ito tinititigan. Their eyes met, saglit lang iyon na kung tutuusin ay parang nahagingan lang siya ng tingin nito. He was mesmerized though, na parang gusto niyang hawiin ang mga hair strands nitong tumatakip sa makinis na pisngi.

Muli ay dahan-dahan niyang itinaas ang hawak na broadsheet sa layuning maikubli ang kanyang mukha. Naka-tune in sa *GMP* ang television at hindi malayong may makakilala sa kanya.

Gamit ang isang kamay ay inayos niya ang suot na baseball cap at black-rimmed eyeglasses na walang grado. Sinadya rin niyang huwag ahitin ang tumutubong stubbles.

Kanina nga ay may naulinigan siyang nagtatanong kung nasaan at kung babalik pa raw ba si Dave Tanjuatco. Minsan pa ay nakinig siya sa masayang kuwentuhan ng mga babaeng nasa kabilang mesa.

“Hoy, bampirang accountant, saan ka ba nanggaling? Ayan tuloy, you missed our darling idol.”

“You mean, he was here?” tanong ng magandang bampira.

“Loka, diyan lang.” Inginuso nito ang flat screen

television. “Bakit kaya wala pa rin si Dave? Tuluyan na yatang natsugi sa show. Sayang ang kaguwapuhan, bakla naman pala.”

“Umamin na ba?”

Wala akong dapat aminin dahil walang katotohanan ang tsismis na iyon! Nagpakatimpi-timpi siyang huwag maisigaw iyon sa grupo. Naiintindihan niyang nagpapahayag lang ng sariling opinion ang mga ito base sa narinig na balita—maling balita.

Irresponsible journalism ruined my reputation... Malakas ang impluwensya ng mass media sa mga tao, in any walk of life. Kaya naman hindi kataka-takang nalason din nito ang isipan ng kanyang anak. He must act now to save the little dignity that was left for him. Hindi man niya makumbinsi ang madla na tunay siyang lalaki, malinis man lang niya ang imahe sa paningin ng anak ay ayos na.

At paano ko gagawin 'yon? Magpakilala ng maraming girlfriend sa kanya? Pangit namang ehemplo. Hindi ang pagiging macho image ang gusto niyang i-build up kay Fourth. There is a big difference between macho and gentleman.

With all honesty, wala siyang serious girlfriend at the moment. He occasionally went out with female

friends. but he always made sure that everything was clear—no strings attached.

Ang huling seryosong nakarelasyon ni Dave ay isang former Bb. Pilipinas candidate. Isa pa ito sa mga nagdiin sa kanya para mabaon sa kumunoy ng maling paratang. Alam niyang manipulated ang ambush interview rito. Kunwari pang ‘no comment’ ang sagot nito nang tanungin ng showbiz reporter tungkol sa issue ng kanyang pagkalalaki. But she deliberately said the words with sarcasm. Dinagdagan pa nito ng mga salitang ‘mahirap nang magsalita’. Ang epekto, umani ito ng mas masalimuot na ispekulasyon.

Namalayan na lamang niyang nagtayuan ang mga okupante ng kabilang lamesa. Buong paghangang inihatid ng tingin niya ang papalayong pigura ng morena beauty. If not for the situation he was into right now, he would approach her and introduce himself—and let fate handle the rest of the story.

But wait... siya rin ba 'yung babaeng kakuwentuhan ni Sam noong nakaraang araw?

3

“Ate Miel!”

Naudlot ang pagpasok sana ni Miel sa kuwarto nang marinig ang excited na tinig ng batang inakala niyang brat. Mabait pala ito. Kaiba lang ang hilig sa mga batang kaedad nito—a very young bookworm and a lover of poetry.

Katulad niya ay hindi rin ito inclined sa mga activities under the sun.

“Hi, Sam, Hi, Yaya Leleng!” Kalalabas lang ng mga ito sa elevator at may kasama pang isang batang lalaki na hindi niya kilala kaya hindi niya nabanggit ang pangalan. She just simply said, “Hi, Handsome...”

Hindi tumugon ang batang lalaki. Bahagya itong siniko ni Sam kung kaya napilitang bumati.

“Hello po...” he replied hesitantly.

Shy boy, kabaligtaran ni Samantha. Parang may nakakahawig ang bata sa kung sinong hindi pa niya maalala. Na-meet na niya ang mga pininsan ni Sam nang minsang makasabay nilang mag-dinner sa restaurant ng hotel ang mga ito.

“Naku, Ma’am, pasensya ka na uli. Aabalahan ka na naman ng alaga ko. Sa ground floor sana ang baba namin, eh. Nang may bumaba dito ay naispitan ka ni Sam na nasa may pinto.”

“Wala ’yon...” Ginulo niya ang buhok ng batang lalaking tila hindi at ease. Hawak nito ang *PSP* na nakakuwintas sa leeg.

“Napaka-KJ naman kasi ayaw sumama sa lakwatsa ng pamilya, idinamay pa itong pinsan niya.”

Pinapasok niya ang mga bisita sa loob. Mabuting madatnan ito ng mga roommates niya para hindi siya kaladkarin ng mga ito sa beach, kagaya ng banta ng mga ito kapag hindi siya sumama ngayon.

Magpinsan pala ang dalawang ito. They’re so lucky for having good genes. Minsan pa ay kinainggitan niya ang mapuputing balat ng mga bata at sa isip-isip niya ay ganito sana ang maging kulay ng magiging mga anak niya balang araw.

“Okay lang, Yaya Leleng, wala rin akong gagawin. Palilipasin ko lang ang oras sa pagbabasa hanggang sa makatulog.” Sabado ngayon, half-day session lang ang training nila. “Bakit naman ayaw ninyong maki-join sa mga cousins ninyo?” baling niya sa dalawang paslit. Napansin niyang palaging nakasiksik kay Sam

ang pinsan nito.

“Kasi I’m afraid with the little boat. I might get drown kapag tumaob ’yon,” ani Sam.

“I see. Ikaw, Handsome?”

“My name is Fourth...” Derechong nakatingin sa kanya ang mabibilog na mata ng bata. Tila tinatantya nito kung katiwa-tiwala ang kausap. “Ayokong sumama kapag wala doon si Ate Sam.”

Marahil hindi kasama sa outing ang mga magulang ng musmos. Sayang, typical sa ganitong edad ng mga batang lalaki ang maging outdoor lover.

“Sa akin lang siya acquainted, Ate Miel. Most of my cousins ay ngayon lang niya na-meet. Kaya nahihiya tuloy siya, di ba, Kulit?” hirit ni Sam.

“Hindi naman ako makulit, ah.”

“Sometimes you are, at snobbish pa.”

Pansamantalang iniwan ni Miel ang mga bisita para magpalit ng casual na kasuotan. Hanggang dressing room ay naririnig pa niya ang diskusyon ng dalawang bata.

Pinili niya ang floral sando at yellow pedal pushers. Hinagilap din niya ang kanyang original

Havaianas beach sandals. Balak niyang maglakad-lakad sa aplaya pagkatapos ng reading session kasama si Sam. Pero mamaya pa iyon, kapag lubog na ang araw.

“Hindi ko nga sila kilala, eh,”

“You don’t know your dad?”

“Kilala siyempre,”

Base sa pagtatalo ng magpinsan, nahihimigan niyang aloof at hindi komportable si Fourth sa mga kasama sa outing. Tama si Sam, ngayon nga lang ito na-acquaint sa mga kamag-anak.

“Nahawa ka na sa lola mo. Kapag binibisita ka namin ni Tito sa house ninyo, laging nakasimangot, as if we’re bad people.”

Ah, hiwalay ang parents. Broken family. Poor boy... a part of her heart immediately went out for him. Kaagad nakuha ng bata ang simpatya niya. Baka naman nabe-brainwash ng kabilang side...

“Hindi raw kasi ako love ng tito mo, eh.”

Mataginting na halakhak ni Sam ang naabutan niya. Natawa ito sa terminong ginamit ni Fourth.

“Adik ka ba?” the young girl replied, quoting her

nanny's favorite expression. "Daddy mo 'yon!"

Iritasyon at self-pity ang nakita niyang nakaguhit sa inosenteng mukha ng batang lalaki. Tinabihan niya ito sa sofa para iparamdam na may kakampi ito.

"Sam, stop laughing," malumanay niyang saway. "Na-co-confuse tuloy sa 'yo ang pinsan mo. Baka sabihin niya inaaway mo siya." Muli ay napatitig sa kanya si Fourth. Naramdaman niya ang bahagyang pag-usad nito patungong direksyon niya.

"Sorry..." kaagad na kambyo ni Sam. "Love ko naman ang cousin ko na 'to." Malambing pa nitong pinisil ang magkabilang pisngi ng pinsan.

"So, ano'ng plano natin ngayon?" tanong niya. "Free na ako the whole afternoon. Puwede n'yo akong samahan dito or the other way around."

"Yes!" palatak ng batang babae. "Can I get my things now, Ate? May natapos akong short poem, I'm excited to read it aloud for you. Yaya, Fourth, let's go!"

Nagpaiwan si Fourth. Anito ay napapagod na umanong maglakad. Hinarap nito ang *PSP* gadget at nagsimulang pumindot nang pumindot. Napansin niyang may tablet pa itong nakapatong sa kandungan. Kinuha niya iyon at inilagay sa center table, baka mahulog. Walang reaction ang bata.

“Ang ganda niyan,” tukoy niya sa hawak nitong gadget. “Sino’ng nagbigay sa ’yo, ’yung tito ni Sam?”

Sa simpleng biro niya ay ngumiti ito. Tumango ito ng pagsang-ayon at muling umisod palapit sa kanya.

“Panood naman ako ng best game mo.”

As requested, nagpakitang-gilas ito sa kanya. Medyo bayolente nga lang ang nilalaro ng paslit.

Hindi kaya masyado pang bata si Fourth para sa ganitong fighting games, Dark Resurrection?

“Wala ba diyang *Angry Bird* o *Purple Place* kaya?”

“Big boy na po ako, saka baka sabihin ng mga tao bakla rin ako kaya gan’on ang nilalaro ko,” natatawang sagot nito.

Nalabuan man sa sinabi ng kausap ay hindi na siya nagkomento. Napangiti siya nang minsan pang umisod ito palapit sa kanya.

Nang makarating sa final stage ang game, wala nang distansyang nakapagitan sa kanila. Ang braso nito ay nakapatong sa hita niya habang naglalaro. She tucked the boy’s head under her chin as they waited for the game to end.

Gustong i-congratulate ni Miel ang sarili for making her little visitor comfortable in her company considering it was their first meeting. Nadaig pa niya ang mga relatives nito. Bakit ba Accounting course ang pinili niya? She could have been better as child educator.

Sa tagpong iyon ay dumating ang kanyang mga roommates. Magsisipagpalit lang ang mga ito ng swimwear at derecho na sa dagat.

“Aswang ka talaga, Miel. Gagawin mo ang lahat huwag lang masikatan ng araw,” biro ni Danica.

“Naku, little boy, ingat ka diyan sa kasama mo. She’s a vampire. You’re so cute pa naman,” susog ni Violy.

“Magsilayas na nga kayo,” pagtataboy niya sa mga katrabaho. “Baka maniwala pa sa inyo itong bata.” Kaagad niyang tiningnan ang facial expression ng munting bisita.

Mukha namang hindi nito pinaniwalaan ang biro ng mga nagsialis.

“Ate Miel, ang ganda mo namang vampire saka ang bait mo pa.”

Na-flatter siya sa papuri nito. One of the best

and sincerest praise she'd ever heard. All her life, she labeled herself in between not-so-ugly and not-so-pretty woman. Pero dahil sa papuri ng kanyang inosenteng critic, feeling pretty talaga siya at the moment.

Nagkaroon siya ng boyfriends na dapat sana ay mag-uplift ng morale niya, pero ang mga ito pa ang nakapagpababa ng kanyang self-esteem. But Fourth, this boy she had just met in less than an hour, he made her feel beautiful and unflawed. Kaya naman kaagad nagkapitak sa puso niya ang musmos.

“Bakit mo nasabing mabait ako? Kakikilala lang natin, di ba?”

“S’abi ni Ate Sam at Yaya, mabait ka daw. Para palang ikaw si Bella, vampire na mabait saka parehong curly.”

Umayos ka, Miel, hindi niya sinabing kasingganda mo si Bella. Ang sinabi, kulot din. Maaaring confused ang bata sa curly at messy o unruly hair.

“Binobola mo naman ako, eh. Sige ka, pag narinig tayo ni Edward magagalit ’yon,”

Nakakatuwa ring makipag-usap sa mga bata— pantanggal umay. Ilang linggo na rin bang wala silang ibang paksang tinatalakay kundi seryosohang debit,

credit, assets and liabilities, deviation, etcetera? Hanggang sa free time nga niya ay parang nakikini-kinita pa niya ang mga pinong guhit ng columnar book. Isang sweet-after na maituturing ang bonding moments with the kids.

Nang dumating sina Sam at Leleng ay ipina-mute niya kay Fourth ang *PSP* para mapagbigyan sa poem recital ang una. Surprisingly, wala nang pagtatalo pang naganap.

Pagkatapos nitong ma-recite ang sariling tula ay isinunod namang basahin ang poem version ng *The Walrus and the Carpenter* ni Lewis Carroll.

Nakailang tula pa at naramdaman niya ang pagbigat ng batang nakasandal sa kanya. Inaantok na si Fourth. Hinayaan niya itong makatulog. Sa tulong ni Leleng ay isinampa nito ang mga paa ng bata sa sofa. Habang nakikinig ng tula ay marahan niyang hinahaplos ang buhok ng kalong na paslit.

Kung pagka-graduate ng college ay nag-asawa na ako, ganito na siguro kalaki ang panganay ko.

Unconsciously, she had already fallen in love with the little boy.

Mainit ang ulo na tinungo ni Dave ang kuwartong kinaroroonan ng anak. Hindi dapat iniwan basta-basta ni Yaya Leleng si Fourth sa kung kaninong Poncio Pilato.

Who knows kung pakunwari lang ang pagmamagandang-loob ng babaeng 'yon?

And worse, baka alam pa niyon na anak niya si Fourth. Siguro ay ipinagtatanong na nito ang bata tungkol sa malisyosong balita tungkol sa kanya.

Sabagay ay may punto rin si Leleng, mabigat na si Fourth at hindi nito kayang buhatin ang bata. Isa pa ay hindi naman ito ang opisyal na yaya ng anak niya. Nakakaawa rin namang gisingin dahil derecho ang biniyahe nito from Bohol to Manila domestic airport then to this resort in Bataan, kung saan basta na lang din iniwan ni Valerie ang bata pagkatapos maihabilin sa isang kapatid niya.

Wala siyang alam na *ipinahiram* sa kanya ni Valerie si Fourth. Noong huli silang magkausap ay sinabi nitong isasama nito ang bata sa Hong Kong, kaya hindi na siya umasang makakasama ang anak sa family get-together.

Nakatanggap lang siya ng text message mula sa kapatid niya na naroon si Fourth, pero hindi sumama

sa activities dahil ayaw sumama ni Sam. Kinansela niya ang isang mahalagang meeting dahil doon.

He may not be a perfect father, but he loved his son and he cared for him. *Ano'ng palagay nila sa anak ko, tuta na pagkatapos maihabilin ay p'wede nang iwan kahit saan, kahit kanino?*

Room 312. Kinalma niya ang kalooban at inihanda ang isang ngiti kahit na nga ba kanina pa nag-iinit ang ulo niya. Inayos niya ang sombrero at salaming de kulay pagkatapos ay marahang kumatok.

“Saglit lang...” narinig niyang tugon ng boses ng babae mula sa loob, para bang may kalakip na lambing.

Makailang ulit siyang tumikhim para ibahin ang timbre ng boses. Nakapag-shave na siya at wala siyang dalang dyaryo na puwedeng ipantakip sa mukha. Makilala kaya siya nito?

Nang bumukas ang pinto ay waring namalikmata siya sa nakita. *Oh, my son is with the vampire...*

“Yes, sino'ng h'anap nila?” Bagaman bahagyang nakangiti ay nanatiling nakaharang sa pintuan ang babae.

The vampire is not only gorgeous but also has a

soothing voice. Tila mainit na tubig na nabantuan ng malamig ang inis niya nang makaharap ang kumupkop sa anak. “Hi, I came here to fetch my son...” Gumanti siya ng ngiti. Pero mukhang hindi naniniwala ang babae sa kanyang sinabi. Tinitigan lang siya nito at ni hindi siya inanyayahang pumasok sa loob. “Can I come in?”

“Sorry, Sir. Hindi naman sa pagiging overcautious, pero... hindi kita kilala.”

There, paano niya nakalimutan ang isa sa pinaka-basic rule, *remember to introduce yourself*, kapag hindi kakilala ng kausap? Saglit siyang nag-isip kung sasabihin ang buong pangalan. Siguro naman kung sasabihin niya ang first name ay hindi na ito magde-demand ng iba pang impormasyon.

“I’m Dave... that boy is my son,” aniyang tinanaw ang batang mahimbing na natutulog sa sofa. Lalo yata siyang pinagdudahan ng babae dahil hindi kaagad niya nasabi ang sariling pangalan. Mukhang hindi nito basta-basta ibibigay sa kanya ang anak. “Miss, I do appreciate your protectiveness for him, pero kailangan ko nang kunin ang bata para makapagpahinga siya nang maayos at ikaw rin, para hindi ka na maabala.”

“Tatawagan ko muna si Leleng, if you don’t

mind.” Hindi pa rin kumbinsido ang kausap. Aktong isasara na nito ang pinto, kaya mabilis ang kanyang naging desisyon.

Magpapakilala na siya.

“I’m David Tanjuatco, the third. And he is my Fourth...”

Napatunganga si Miel sa tinuran ng lalaking kausap. Hindi kaya ito nagbibiro? Totoo bang ang sikat na host ng *Good Morning, Philippines!* ang nasa harap niya ngayon. Tinanggal nito ang suot na cap at sunglasses at malinaw niyang nakita ang katotohanan.

“Dave Tanjuatco?” hindi pa rin makapaniwalang tanong niya. Mabuti na lang at wala ang mga roommates, kung hindi ay mapupuno ng tilian ang silid na iyon sa pangunguna ni Violy.

“Yup.”

Ah, he’s using his popular killer smile on me! Totoo nga kayang bakla ang guwapong mama na ito? If ever, ako na ang kauna-unahang babaeng aamin na nagka-crush sa bading... Hindi niya napigilan ang sariling hagurin ng tingin mula ulo hanggang paa ang host

na sa inaraw-araw niyang nakikita ay hindi niya pinagsasawaang masdan. *He can't be gay! Every inch of his muscular body suggests masculinity, how come?*

“May itatanong ka pa ba sa akin para paniwalaan mong anak ko si Fourth?”

Umiling siya bilang sagot sa tanong nito at para bahagya na ring ipilig ang ulo. Para siyang na-starstruck sa unexpected appearance ng controversial host.

“I’m sorry, Sir.” Niluwangan niya ang bukas ng pinto para makadaan ang lalaki. “Pasok...”

“Dave na lang.” Inilahad pa nito ang kanang palad. “Sorry din kung hindi ako agad nagpakilala. May I know your name?”

“Miel...” Tinanggap niya ang nakalahad nitong kamay. “Miel Alcantara.” His handshake was firm but not too tight. Inaasahan na niyang pagkalambot ng palad nito na parang sa ilang matinee idols na nakamayan niya personally. Pero hindi, Dave’s hand was very manly and it felt so nice to be held by him even for just a few seconds.

Mayamaya pa ay nilapitan na nito ang anak na natutulog. Kinintalan nito ng masuyong halik sa noo ang huli at pagkatapos ay hinapulus-haplos ang pisngi

nito.

Mula sa kinatatayuan ay malaya niyang napagmasdan ang dalawang panauhin, walang dudang mag-ama—parang inihulma ang mukha ng the fourth sa mukha ng the third. Napansin niya ang makahulugang pagbuntong-hininga ni Dave, siguro ay nahihirapan itong ipaunawa sa murang isip ng anak ang kinasusuungan na sitwasyon.

Minsan pang umukilkil sa isip niya ang katanungan tungkol sa pagkalalaki ng TV host. Kahit saang anggulo man niya sipatin ito ay wala siyang makuhang ebidensya na magpapatunay sa kumakalat na balita. Maaaring pinalaki na lang siguro ang issue para may iba namang mapagpiyestahan ang press.

Kaya pala may nabanggit kanina si Fourth na baka tawagin din siyang bakla kapag naglaro ng Purple Place. Kawawa naman ang bata, he was misguided by the issue. At mas lalong kawawa si Dave... Masisira ang reputasyon at kredibilidad nito hindi lamang sa career kundi higit ang imahe nito sa paningin ng anak. Bakit kaya hindi man lang itama ng lola at ina ng bata ang impresyon nito kay Dave?

As she watched the affectionate father carefully lift his innocent son, an inexplicable surge of compassion flowed out from her heart and she silently

Dark And Beautiful - Alexie Aragon

wished, *Sana maging maayos ang relasyon ng mag-ama...*